# BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 9, BLG. 7 DAET, CAMARINES NORTE ENERO, 2010
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com



nasa loob
EDITORYAL 4
PIKTORYAL 7
Salamat Gob HELP column p 2


Nakuha ng bayan ng Basud ang unang puwesto sa katatapos na *2009 Search for the Cleanest and Greenest Local Government Units (LGUs) of Camarines Norte* na mas kilala rito bilang Gawad Punong Panlalawigan sa Kapaligiran (GPPK). Ito ay sa ilalim ng *Category A (1st to 3rd class municipalities)* kung saan kalahok din dito ang mga bayan ng Daet, Jose Panganiban, Labo, Mercedes, Sta. Elena at Vinzons.

Nakatakda nitong tanggapin ang prem-

(Sundan sa pahina 9)

# Basud at San Vicente nanguna sa 2009 GPPK Search dito

















***1)** Ang evaluation team ng Gawad Punong Panlalawigan sa Kapaligiran (GPPK) na pinangungunahan ni DILG Prov'l Dir. Robin Mercado habang nakikipag-usap kina Mayor Silverio "Jojo" G. Quiñones III ng Basud at sa municipal counterpart nito sa pagbisita ng grupo sa **2)** fishpond at school nursery at mini-forest ng Basud National High School, at sa **3)** municipal nursery sa Brgy. Taisan kung saan makikita ang segregation ng basura at pagpoproseso sa mga nabubulok upang maging organic fertilizer na naging dahilan ng pagkapanalo nito sa Category A ng 2009 GPPK Search; **4)** Ang nanalo naman sa Category B ng GPPK ay ang bayan ng San Vicente kung saan kausap dito ng evaluation team si MayorJoseph Stanley G. Alegre bago pa ito nanalo sa nasabing kategoriya; **5)** Makikita rin dito ang bagong pamilihang-bayan ng San Vicente na naitayo sa tulong ng Spanish Government.*

# 26 OSYs inisyal na benepisaryo ng EDPD-OSY



Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

Sa layunin ng administrasyon ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. na bigyan ng pantay-pantay na oportunidad ang mga kabataan sa lalawigan para makapag-aral, inaprobahan niya kamakailan ang *Provincial Ordinance No. 33-07* na may titulong *Educational Development Program for Deserving Out-of-School Youth **(EDPD-OSY)** in Camarines Norte.*

Ang inisyal na benepisaryo ng programa ngayong taon ay umaabot sa dalawamput't-walong (28) *out-of-school youths (OSYs).*

Sa ilalim ng programa, sila ay kukuha ng iba't-ibang kursong bokasyonal o *training courses* sa *Camarines Norte College* (CNC) sa bayan ng Labo susog sa itinatakda ng nabanggit na panlalawigang ordinansa.

Bilang karagdagan, ang mga benepisaryo ay maaari ring magaral sa *Technical Education and Skills Development Authority* (TESDA) ó saan mang *technical vocational education providers (TVEPs)* na akreditado ng *TESDA* ó *TESDA accredited train-*

(Sundan sa pahina 2)

# CNorte isa sa 6 na probinsya sa bansa na benepisaryo ng Food Facility Project ng EC na ipatutupad ng SEAMEO-SEARCA



Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

Ang Camarines Norte ay isa sa anim (6) na probinsya sa bansa kung saan ipatutupad ang *Focused-Food Production Assistance for the Vulnerable Sectors (FPAVAS) Project* kasama ang mga lalawigan ng Oriental Mindoro, Occidental Mindoro, Camarines Sur, Misamis Oriental at Misamis Occidental.

Sa ilalim ng naturang proyekto, ang naturang mga benepisaryo ay tatanggap ng donasyon *(grant)* mula sa *European Commission (EC)* sa ilalim ng programa nitong *Food Facility-Facility for Rapid Response to Soaring Food Prices in Developing Countries (EuropeAid/128608/C/ACT/Multi).*

Ito ay sa pamamagitan ng *Southeast Asian Regional Center for Graduate Study and Research in Agriculture (SEAMEO-SEARCA)* na pangkalahatang mangangasiwa sa implementasyon nito sa pakikipagtulungan sa *French Agricultural Research Center for International Development (CIRAD)* at mga nabanggit na pamahalaang lokal, at sa pakikipag-ugnayan sa *National Commission of Indigenous Peoples (NCIP), Department of Agriculture (DA), Philippine Rice Research Institute (PhilRice)* at sa *World Fish Center.*

Ang pangkalahatang hangarin ng proyekto ay mabawasan ang kahirapan, mapaunlad ang buhay ng mga magsasaka at tiyakin ang kanilang *access to safer food*, partikular na ang mga nasa *vulnerable sectors.* Layunin din ng proyekto na makamit ang mga sumusunod: 1) Maitaas ang ani ng palay ng mga maliliit na magsasaka; 2) Maragdagan ang produksyong pang-agrikultural sa kabundukan *(upland agriculture)* sa pamamagitan ng *crop diversification* ó pag-iiba-iba/pagpapalit-palit ng mga pananim; 3) Mapataas ang ani sa *aquaculture* mula sa mga *coastal ó inland waters* man; 4) Kilalanin at idokumento ang mga katutubong gawi *(indigenous practices)* ng mga magsasaka at mangingisda na nakatutulong sa pangangalaga sa mga likasyaman; 5) Maintindihan at mabawasan ang mga panganib at epekto ng hindi pangkaraniwang pagbabagu-bago ng klima *(climate change phenomena)*, at makabuo ng mga istratehiya at plano na makatutulong para maiwasan ang labis na masamang epekto nito lalo na sa produksyong pang-agrikultural.

Samantala, ang mga benepisaryo ng *FPAVAS Project* dito sa Camarines Norte ay ang mga bayan ng Labo at Mercedes. Ang nabanggit na proyekto ay ipatutupad ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pamamagitan ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* at *Provincial Planning and Development Office (PPDO)*, at sa pakikipag-ugnayan sa *SEAMEO-SEARCA* na may tanggapan sa *University of the Philippines-Los Baños (UPLB)*, Laguna at pinamumunuan ng direktor nito na si Dr. Gil C. Saguiguit.

Matatandaan na napasama ang Camarines Norte sa *FPAVAS* dahil sa inisyatibo ni Gng. Francia C. Pajares, *Planning Officer IV* ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* katuwang si Arch. Madonna A.

(Sundan sa pahina 3)

# 28 OSYs inisyal na benepisaryo ...

(Mula sa pahina 1)

*ing centers* sa labas man ng Camarines Norte na ang kursong ibinibigay ay wala rito sa lalawigan.

Ang mga susunod naman ang mga kurso ó *skills training* na maaaring kunin ng mga benepisaryo: *welding, driving, practical electricity, automotive, heavy equipment operation, electronics, cosmetology*, at *garments* at *dressmaking*.

Ang nabanggit na programang pang-edukasyon para sa mga *OSYs* ay ipinatutupad ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* sa pamamagitan ng *Public Employment Service Office (PESO)* na pinangangasiwaan ni *PESO Manager* Nida N. Tosoc.

Samantala, ang mga benepisaryo ng *EDPDOSY* ay tatanggap ng tig-P6,400.00 mula sa pamahalaang panlalawigan para sa kanilang *training fee* at iba pang *miscellaneous expenses*. Sila ay kabilang sa mga kwalipikadong aplikante na nakapasa sa *screening* at *interview* na ibinigay ni *PESO Manager* Nida N. Tosoc na inendorso nito at inaprobahan naman ng gobernador. Ang mga benepisaryo rin ay pawang mga residente ng lalawigan ng Camarines Norte na may edad 18-25 taon, at ang taunang kita ng mga magulang ay hindi lalagpas sa P72,000.00.

Upang matiyak ang maayos na implementasyon ng *EDPDOSY*, si *PESO Manager* Tosoc ay regular na magsasagawa ng pagsubaybay at pagtaya sa mga nagawa *(pefromance)* ng mga *trainees* na isasailalim sa isang *trade testing* matapos ang kanilang kurso.

Ang mga matagumpay na makapagtatapos ay makakasama sa *National Manpower Registry of Skills*. Ang *bio-data* nila ay ilalagay *(posted)* sa *Phil-Jobnet*, isang *automated job placement and referral system* na pinamamahalaan ng *Department of Labor and Employment (DOLE)* sa pamamagitan ng mga *Public Employment Service Offices (PESOs)*.

Bilang karagdagan, sila rin ay mapapabilang sa *priority list* sa hanay ng mga aplikanteng tutulungan upang makapasok sa mga ahensya/kumpanya para makapagtrabaho kaagad, magkaroon ng sapat na kita at mapaunlad ang kanilang kabuhayan. ***LT IBASCO***

## Salamat Gob HELP column

## Personal na Tulong-Pinansyal ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Jan. | 5 | Ms. Nelly Brillantes of Purok 1-A, Brgy. 3, Mercedes for the prize during their Christmas Pa-raffle | P500.00 |
| | | Mr. Joseph Castillo of Purok 5, Brgy. 5, Daet for the 3 Kings 21st Anniversary Celebration | 4,500.00 |
| | 18 | Mr. Darius Mirasol, President– Kabihug JCI (formerly Jayscees) for a souvenir program | 10,000.00 |
| | | Ms. Christine Arsenio, Dance Group leader of High Intensity Mover's of Brgy. 8, for a dance contest | 500.00 |
| | 20 | Ms. Alicia Cabezudo of Daet Elementary School for the Brigada Eskuwela project | 1,000.00 |
| | | Mr. Alexander Totanes of Brgy. IV, Mantagbac Team for the basketball tournament | 500.00 |
| | | Mrs. Virginia Nagera of Daet Elementary School for the Brigada Eskuwela project | 500.00 |
| | | Mr. Armando Cabarle of Brgy. Gubat for the "Our Father in Heaven Get Together" | 1,000.00 |
| | | Ms. Erlinda E. Jovilla of Brgy. Larap, Jose Panganiban for livelihood assistance | 500.00 |
| | 26 | Ms. Remy Gueta of the Federation of Christian and Muslim Volunteers Brigade, Inc. for a training workshop | 1,000.00 |
| | | Ms. Michelle Antonio of Sepak Takraw, CN Team for their expenses | 1,000.00 |
| | | **TOTAL** | **P21,000.00** |

# Tosoc ng PPDO kinilala ng DOLE RO5 bilang PESO Top Regional Performer



**Ms. Nida N. Tosoc**
**PESO Manager**

Dahil sa katangi-tanging mga inisyatibo at nagawa ng *Camarines Norte Public Employment Service Office (CN PESO)*, ginawaran ito ng sitasyon *(citation)* ng *Department of Labor and Employment (DOLE)* na nilagdaan ni Kalihim Marianito D. Roque ng naturang kagawaran.

Ipinagkaloob ito kamakailan sa *CN PESO* sa pamamagitan ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. at ni *PESO Manager* Nida Navarro-Tosoc. Kasunod ito ng pagkilala ng *DOLE* sa *CN PESO* bilang *Top Regional Performer* na naging daan upang manomina naman ito sa *2009 National Best PESO Award (2nd Class Provincial Category)*. Ang *CN PESO* ay nasa ilalim ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* na pinamumunuan ni *Arch.* Madonna A. Abular, *provincial planning and development coordinator* ng nasabing tanggapan.

Bilang karagdagan, ang *PESO* ay isang *non-fee charging multi-employment service facility* o tanggapang itinatag o akreditado alinsunod sa itinatakda ng *Republic Act No. 8759* na mas lalong kilala bilang *PESO Act of 1999*. Layunin ng naturang batas na lahat na mamamayan ay mabigyan ng pantay na oportunidad sa trabaho. Ang pangkalahatang layunin ng *PESO* ay tiyakin ang maagap, napapanahon at epektibong paghahatid ng *employment service* at pagbibigay ng impormasyon sa iba pang mga programa ng *DOLE*.

Ang mga espesyal na serbisyong ipinagkakaloob ng iba't-ibang sangay ng *PESO* sa buong bansa ay ang: *Jobs Fair; Livelihood and Self-Employment Bazaars; Special Credit Assistance for Placed Overseas Workers; Special Program for the Employment of Students and Out-of-School Youth (SPESOS); Work Appreciation Program (WAP); Workers Hiring for Infrastructure Projects (WHIP)*, at iba pang programa/aktibidad na dinebelop ng *DOLE* para sa mas maayos na pagbibigay ng *employment assistance* sa mga *PESO clients*, partikular na ang mga nasa *special groups of disadvantaged workers* gaya ng mga *persons with disabilities (PWDs)* at mga nasisante man sa trabaho.

Samantala, sinusuporthan ng administrasyon ni Gob. Typoco, Jr. ang mga programa at proyektong ipinatutupad ni *CN PESO Manager* Tosoc. Patunay rito ang ilang beses nitong pagtaguyod sa mga *Jobs Fair* na ginanap dito sa lalawigan na ang pinakahuli ay idinaos noong Nobyembre 19-20, 2009 sa *Cams. Norte Agro-Sports and Cultural Center (CNASCC)*.

Kaugnay nito, ipinahayg ni *PESO Manager* Tosoc na umabot sa 1,047 ang rehistradong aplikante rito kung saan 35 sa kanila ang agad na natanggap sa trabaho *(hired on the spot)*. Idinagdag niya na may 3,587 na *job vacancies available (local at overseas)* sa may 14 na lokal na ahensya at 11 ahensya na naghahanap ng mga manggagawa.

Samantala, naisagawa rito ang naturang *jobs fair* sa pakikipagtulungan ng *Technical Educ. and Skills Devt. Authority (TESDA) Provl. Office*, *DOLE* at *Phil. Overseas Employment Administration (POEA)*.

Matatandaan din na taun-taong isinasagawa ng pamahalaang panlalawigan ang *Special Program for the Employment of Students (SPES)* tuwing buwan ng bakasyon susog sa *Republic Act No. 7323*. Sa ilalim ng programa, ang mga mahihirap ngunit karapat-dapat na estudyante na makapapasa sa mga pamantayang ipinatutupad sa ilalim ng *SPES* ay magtatrabaho sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan. Sila ay tatanggap ng kaukulang sweldo na gugugulin nila sa kanilang bayarin para sa pagpasok sa kolehiyo.

Ang mga nabanggit ay ilan lamang sa mga serbisyong ipinagkakaloob ng *CN PESO* sa pakikipag-ugnayan sa mga kaukulang tanggapan at *municipal PESOs* dito. ***LT IBASCO***

## CNorte isa sa 6 ...


**(Mula sa pahina 2)**

Abular, *Provincial Planning and Devt. Coordinator (PPDC)* ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* na una nang nagsumite ng *proposal* na kinapapalooban ng mga sumusunod na proyekto: *(a) Upland Food Production Development* na nakatuon sa pagpapaunlad ng industriya ng pinya at sa pamumuhay ng mga Kabihug; *(b) Enhancing Food Production in the Lowland* na naglalayong maitaas ang produksyon ng bigas; *(c) Enhancing Aquaculture Development* para naman sa panukala *(proposal)* na kinapapalooban ng mga proyekto na nakasentro di lamang sa pagpapaunlad ng mga magsasaka na nasa kapatagan *(lowland)* kundi gayundin sa mga nasa *upland* at *coastal areas*.

Ang mga nabanggit na proyekto ay ipatutu-

**(Sundan sa pahina 6)**

# BACNA at BASM nakatakdang magsagawa ng magkahiwalay na Surgical Mission sa Camarines Norte



***Dr. David Le***
***BACNA-Lead Surgeon***

Nakatakdang magsagawa ng magkahiwalay na *surgical missions* sa Lalawigan ng Camarines Norte ang *Bay Area Camarines Norte Association (BACNA)* at *Bay Area Surgical Mission (BASM)* na isasagawa nila sa *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)* sa bayan ng Daet.


Ang *Surgical Mission 2010* ng *BACNA* ay pangungunahan ni Dr. David Le, *lead surgeon* ng naturang asosasyon na magbibigay ng libreng serbisyo-medikal at operasyon sa ating mga kababayan simula Pebrero 1 hanggang Pebrero 5, 2010.

Samantala, ang *BASM Surgical Mission 2010* na gaganapin sa Pebrero 22-26 ay pamumunuan nina Dr. Arlene Cosca at Olliver Bellevue, *team leader* at pangulo ng nasabing grupo, ayon sa pagkakasunod.

Magkakaloob ng boluntaryo at libreng operasyon sa mga mahihirap na pasyente mula sa iba't-ibang bayan ng ating probinsya ang *BACNA* at *BASM surgical teams* katuwang ang *medical* at *nursing staff* ng *Provincial Health Office-CNPH (PHO-CNPH)* sa pangunguna ni Dr. Arnulfo G. Salagoste, *provincial health officer*.

Ang *BACNA* at *BASM* ay parehong samahan ng mga propesyonal o kaya'y matagumpay na negosyante na tubong Camarines Norte na nakabase sa Bay Area, San Francisco, California, USA. Sila ay tulung-tulong na nangangalap ng pondo na ginagamit nila sa taun-taong *SM*. Nagiimbita rin sila ng mga doktor, narses at iba pang *medical staff* na nakabase sa Pilipinas para makatulong sa kanilang *SMs*.

Bilang karagdagan, ang *BACNA SM 2010* ay kinabibilangan ng mga *BACNAn's* na sina: Sylvia Salvador, Doris Pedraza, Chona Palado, Eric Molina, Alma Palado, Jojo Villafuerte, Brenda Cardozo at Luis Cardozo. Makakasama nila rito ang mga siruhano *(surgeons)* mula sa Estados Unidos na sina Dr. Le, Dr. Linda Chiu, Dr. Lisa Grininger, at Dr. Margaret Lee gayundin sina Dr. Tinna Kan-*anesthesiologist*; Charles Hsu-Winges-*opthalmologist*, at; Dr. Praxidio Tagala, *ob-gyne*. Magbibigay rin ng libreng serbisyo ang mga doktor na sina Connie Magallanes, *ob-gyne*; Lilibeth de Leon at Jovy Caldito-*anesthesiologists*, at Dr. Magallanes-*surgeon*.



***Dr. Arlene Cosca***
***BASMA-Lead Surgeon***

Makakakatulong din nila sa 5-araw na gawain ang mga miyembro nilang narses na sina: Gloria Brillantes, Nick Laureano, Leticia Noveras, Dencie Cortez,

**(Sundan sa pahina 5)**




# EDITORYAL

## Batas Laban sa Child Pornography, nakakasa na Mga Pagsasanay Isagawa sana

Hindi pa man gasinong naipatutupad ang *Provincial Ordinance No. 10-2008 as amended* na naglalayong isaayos ang pagtatatag at operasyon ng mga *computer rental shops/internet cafes* sa lalawigan ng Camarines Norte upang ma-*regulate* at mapangalagaan ang mga kabataan laban sa pornograpiya at mararahas at nakasusugapang mga *video/internet games*, naipasa at naaprobahan na noong 17 November 2009 ang isa pang *landmark legislation* na kilala bilang *Republic Act 9775* ó ang *Anti-Child Pornography Act*.

Ipinaliliwanag dito na ang *child pornography* ay anumang pagsasalarawan, nakikita (*visual*) man ó naririnig (*audio*), ó nakasulat (*written*) ó kombinasyon nang mga ito, sa isang bata na ginagamit ó sangkot sa isang mali-wanag na sekswal na gawain, totoo man ó magsatulad nito sa pamamagitan ng *electronic, mechanical, digital, optical, magnetic* ó anupamang pamamaraan.

Tinutugunan ng nasabing batas ang panganib ng pagkabulid sa kapariwaraan at maagang pagkakasangkot sa kriminalidad ng mga kabataan dulot ng pakikipagsabayan nito sa pag-unlad ng teknolohiya na pinakamabisa sanang pamamaraan sa mabilis na paghahatid-kaalaman subali't mabilis ring nakapagpapakalat ng pornograpiya. Saklaw sa kaparusahan nito ang mga *internet café* at mga *mall* ó *establishment owners/operators*.

Tulad din ng ibang batas ó isinagawang polisiya, hindi ito magiging epektibo at mananatiling kapirasong lehislasyon lamang kung mismo ang mga magpapatupad nito ay walang kahandaan, dahil sa kakulangan ng malalim na kaalaman dito. **Sana**, ang ating pamahalaan, lokal man ó nasyonal, sa pamamagitan ng mga ahensya nito, ay **makapagsagawa ng mga pagsasanay** upang matulungan ang mga tagapagpatupad sa matagumpay na implementasyon nito.

# PHRS Training workshop...

**(Mula sa pahina 10)**
munidad pa lamang.

Dahil karamihan sa mga dumalo ay inaasahang nagkaroon na ng kaunting kasanayan sa *RA 9208 (An Act To Institute Policies to Eliminate Trafficking in Persons Especially Women and Children, Establishing the Necessary Institutional Mechanisms for the Protection and Support of Trafficked Persons, Providing Penalties for its Violations, and for Other Purposes)*, na naipasa noong 2003, pahapyaw na lamang na tinalakay ni *1st Asst. Provincial Prosecutor* Annalie Thomas-Velarde ang *salient features* ng naturang batas. Isinagawa ang oryentasyon ukol sa *Philippine Human Rights Standards Guidelines in the Protection of Children Victims of Trafficking* sa pamamagitan ng *lecture-participative discussion*, at *practicum* sa pamamagitan ng *role playing*.

Sa bahagi ng programa nito, nagbigay ng *welcome remarks* si Ms. Purita P. Briñas, *Community Affairs Officer IV* at *Vice Chair-PACT National Campaign Council* kabilang na ang pagbibigay ng overview ng maghapong gawain; at mensahe ni Bokal Teresita DL. Malubay, *Chairperson, SP Committee on Women and Family*. Tinalakay rin dito ni *1st APP* Velarde ang *Access to Justice*; samantalang si Ms. Briñas naman ay tinalakay ang: *Push and Pull Factors of Trafficking, Background of the Philippine Guidelines; Definition of Terms, General Principles and Specific Guidelines; Capability Building for Service Providers and the Community*, at; *Challenges and Emerging Issues on Trafficking*. Ang paksa ukol sa *Interim Care and Protection Social Management* ay tinalakay naman ni Mrs. Cynthia

**(Sundan sa pahina 9)**



















1)Si 1st Asst. Prov'l Pros. Annalie T.Velarde nang tinatalakay ang salient features ng RA 9208 at ang Access to Justice ng Philippine Guidelines; 2) Si Bokal Teresita Malubay na nagbigay-mensahe sa grupo; 3) Ang isa sa mga dumalo na na tanong-paglilinaw sa mga tinalakay; 4) Ginawang paggu-grupo sa mga nagdalo para sa isang role-play kaugnay ng Philippine Guidelines; 5) Role-playing sa Phil. Guidelines; 6) Larawan ng karamihan sa mga nagsidalo sa pagsasanay sa Philippine Guidelines sa pagbibigay-proteksyon sa biktima ng trapiking kasama sina Mercedes MGOO Adela Federico at Daet MGOO Estela Dames.

BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman: PDIC-PIA; and Purita Pardo-Briñas, member.

***EDITORS:*** Purita Pardo-Briñas, executive; Lorena dela Torre-Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Wilson V. Porcincula, art/design .

***REPORTERS:*** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Marivic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports – Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin Palado Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial Pajares Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia Rodrigueza-dela Cruz, Aileen Camacho; PEO -Geremias Ibana; PPDO-Amelia Mago-Lopez, Dina Gabiaso-Baleza; MASCD-G.O.—Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache; PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Quiñones-Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa Aguilar-Augusto; PAcctO-Lilian Yanto-Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism-Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Deve-lopment Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pangalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahili-ngan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# Vegetable Production Report 2009

Bilang suporta sa *Hunger Mitigation Program* ng pamahalaang nasyonal, iba't-ibang programa at proyektong pang-agrikultural ang ipinatupad ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)*.

Base sa ulat ng OPAg para sa taong 2009, may kabuuang 29.18 kilo o 21,850 pakete ng sari-saring butong-gulay ang naipamahagi nito. Ang 24.18 kilo nito na may halagang P126,003.50 ay mula pa sa badyet noong 2008, at ang 5 kilo naman ay tira noong isang taon na bahagi ng *Vegetable Enhancement (Phase 2)* na mas kilala bilang *Seed Production Project* na pinunduhan ng *Department of Agriculture (DA)*.


Nabenepisyuhan nito ang may 1,601 mga magsasaka kasama na ang mga sambahayan, *non-government organizations (NGOs), farmers' associations (FAs)*, mga barangay, maliban sa iba pa. Tinataya namang naitanim ang mga butong-gulay sa humigit-kumulang 43.69 ektaryang lupain na ang produksyon ay maaaring umabot sa 349.55 metriko tonelada.

Upang maragdagan ang kaalaman at kasanayang-teknikal ng mga magsasaka sa pagtatanim, 17 *trainings* ang isinagawa ng OPAg sa buong lalawigan sa pakikipagtulungan sa *DA Regional Field Unit 5* at *Agricultural Training Institute Regional Training Center (ATI RTC)* 5. Unang-una na rito ang *Farmers' Field School (FFS) on Protective Culture for Selected High Value Fruits and Vegetables* na pinangasiwaan ng mga kinauukulang *municipal high value commercial crops (HVCC)* sa patnubay ng *provincial HVCC coordinator*. Ito ay isinagawa sa Brgy. Manguisoc, Mercedes; Brgy. Canapawan, Labo; Brgy. Tabas, Paracale; Brgy. Osmeña, Jose Panganiban; Brgy. Caawigan, Talisay; at Brgy. Bibirao, Daet.

Bilang karagdagan, ang *Training on Vegetable and Root Crops Production* ay ipinatupad ng *OPAg* sa mga *3rd – 5th class municipalities* gaya ng Basud, San Lorenzo Ruiz, San Vicente, Vinzons, Capalonga, Paracale, Sta. Elena at Talisay. Nagsagawa rin ito ng *off-season vegetable production training* at iba pang kahalintulad na pagsasanay.

Upang mapataas naman ang produksyon ng mga gulay at halamang-ugat (*rootcrops* at patatagin ang presyo sa merkado, ang *cross commodity program for vegetables and rootcrops* ay inilunsad at ipinatupad naman ng *DA RFU5* sa pakikipagtulungan sa mga pamahalaang lokal.

Sa ilalim ng programa, ang 50% ng mga pantanim na buto at *organic fertilizer* ay sinagot ng *DA RFU5* at ang natitirang 50% ay babayaran ng mga magsasaka pagka-ani. Tinataya namang nataniman ang may 109 ektaryang lupain sa iba't-ibang bayan ng lalawigan. ***LT IBASCO***




# Basic Vegetable Production Training isasagawa sa 6 na bayan dito



**Ms. Marilyn Sta. Catalina**
**OIC-Reg'l Executive Director, DA RFU 5**

Nakatakdang isagawa sa anim (6) na bayan dito ang tig- 2 araw na *Basic Vegetable Production Training*. Gaganapin ito sa magkakahiwalay na lugar at petsa sa mga bayan ng Mercedes, Jose Panganiban, Paracale, San Vicente, Talisay at Sta. Elena.

Matatandaan na una nang lumiham sa tanggapan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. si *DA OIC-Regional Executive Director* Marilyn V. Sta. Catalina kung saan ipinaabot nito na ang kaniyang tanggapan ay magsasagawa ng serye ng *Basic Vegetable Production Training* sa mga piling lalawigan sa Rehiyong Bikol. Tinukoy niya ang mga nabanggit na bayan dito sa Camarines Norte na napili nitong bigyan ng nasabing pagsasanay.

Hiniling din ni *DA OIC- RED* Sta. Catalina sa gobernador na maging tagapagtalakay at tagapagsalita sa mga pagsasanay sa iba't-ibang bayan dito ang mga sumusunod na kawani *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg):* Clarissa Zantua, Marilyn Puatu at Manuel del Rosario.

Idinagdag din ni *DA OIC-RED* Catalina na ang empleyado nilang si Ligaya C. Tria ay makikipag-ugnayan sa tanggapan ng gobernador para pag-usapan ang mga detalye ng naturang gawain.

Samantala, ang nasabing serye ng mga pagsasanay ay bilang suporta sa *Hunger Mitigation Program* ng pamahalaang nasyonal na naglalayong maitaas ang antas ng nutrisyon ng mga mamamayan. Kaugnay nito, isusulong ng *DA* ang malawakang pagtatanim/ produksyon ng mga gulay sa iba't-ibang panig ng bansa sa pamamagitan ng Programang Gulayan para sa Masa (PGMA).

Ang naturang 2-araw na pagsasanay ay isasagawa ng mga nabanggit na kawani ng *OPAg* sa mga sumusunod na petsa at lugar: Pebrero 11-12, 2010 - Mercedes; Marso 2-3 - Jose Panganiban; Marso 4-5 - Paracale; Marso 23-24 - San Vicente; Marso 25-26 - Talisay, at; Marso 30-31 - Sta. Elena.

Kaugnay nito, tatalakayin sa unang araw ng pagsasanay ang *Vegetable Farming as an Enterprise*; *The Different Kinds of Vegetables and their Nutritive Values*, gayundin ang *Production Requirements in Vegetable Production (Environmental and Physical)*. Tatampukan din ito ng paksang *Cultural Management* na kinapapalooban ng mga sumusunod na gawain: *land preparation, sowing, planting/transplanting, stalking/trellising, fertilizer management, water management, weed management, pest management*, at *harvesting and handling*.

Sa ikalawang araw ng pagsasanay, ang mga kalahok ay magkakaroon ng *hands-on* o aktwal na paggamit ng mga kaalamang natutuhan nila. Tatalakayin din dito ang ang paksang *Vegetable Seed Production*.

Isasagawa rin ang *training evaluation* pagkatapos ng mga pagtalakay upang matukoy ang mga bagay na nakatulong sa mas madaling pagkaunawa sa mga naturang paksa. Layunin din nito na makabuo ng mga istratehiya para mabawasan ang mga balakid para sa mas mabilis na pagtuto ng mga magiging kalahok sa iba pang pagsasanay na isasagawa sa hinaharap.

Ang naturang programa ay sinusuportahan ni Gob. Typoco Jr. sa layuning mabigyan ng mga bagong impormasyon at napapanahong kaalaman ang mga magsasaka para mapataas ang produksyon ng kanilang mga pananim, at magkaroon ng seguridad sa pagkain ang lalawigan. ***LT IBASCO***


# BACNA at BASM ...

*(Mula sa pahina 3)*

Anabelle Agpalasin, Belen Aguilar, Eden Pabico, Maria Cecilia Verdejo, Gwen Zalun at Ronda Mananquil-OR RN; Donald Rainville-CRNA; Pauline Uy at Demetria Domingo-ICU RN, at; Fe Dumalo, Tessie Cuano, Benjielyn Precilla at Linda Concepcion-RN. Kabilang din dito sina Tony Moretto at Jermain Brinson bilang *surgical tech.* gayundin ang mga *lay volunteers* na sina Charles Karnavy, Mrs. Tagala, Arsenio Zalun at Amanda Tagala.

*(Sundan sa pahina 8)*

# El Niño Mitigating Plan binalangkas ng OPAg



HELEN B. ABORDO. Ph. D
OIC-Prov'l Agriculturist

Sa pakikipag-ugnayan sa *Department of Agriculture Regional Field Unit No. 5 (DA RFU 5)*, ang *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* dito ay nagbalangkas ng mga plano at aksyong gagawin nito para sa maaaring pagtama ng *"El Niño Phenomenon"* dito sa Lalawigan ng Camarines Norte. Ito ay kinabibilangan ng mga sumusunod:

1) Ang pagtanim ng mga binhing palay na malakas ang resistensya sa tag-init; 2) Ang pagtanim ng mga binhing-palay na maresistensya sa tubig-alat; 3) Ang pagtanim ng iba't-ibang uri ng palay na angkop sa matataas na lugar *(upland)*; 4) Ang pama-mahagi ng sertipikadong binhing-palay sa mga lugar na sakop ng *"Tanim Agad Program"*; 5) Ang paglagay ng mga *techno demos* sa panahon ng tagtuyot na ang binhing-palay na gagamitin ay maresistensya sa init; 6) Ang pagsasagawa ng *cloud seeding*, at; 7) Ang paglalagay ng mga *shallow tube wells (STWs)*.

Inaasahan na ang tinatayang 1,051 mga lugar dito na madaling maaapektuhan *(vulnerable areas)* ng *El Niño* ay matataniman sa pamamagitan ng mga nabanggit na istratehiya upang hindi gaanong maapektuhan ang produksyon ng mga pananim sa iba't-ibang bayan dito.

Samantala, ang mga proyekto ng *OPAg* para sa taong 2010 na pinunduhan sa ilalim ng *20% Development Fund* ay ang mga sumusunod:

1) *Hybrid Rice Commercialization;* 2) *Binhian sa Lalawigan cum Seed Dispersal Project;* 3) *Agricultural Mechanization and Post Harvest Development;* 4) *Agricultural Production Loan Program;* 5) *Corn Production Enhancement Program;* 6) *Pineapple Industry Development Program;* 7) *Cassava Production Program;* 8) *Soil Conservation Focused on Sustainable Agriculture Production Program;* 9) *Organic Farming Project for Selected High Value Fruits and Vegetables;* 10) *Mudcrab Breeding and Seed Production Demo Farm;* 10) *Cooperative and Non-Government Organization (NGO) Development, at; 12) Management, Protection and Conservation of Coastal Resources in Camarines Norte.*

Ang mga nabanggit na proyektong pansakahan at pampangisdaan ay ipatutupad sa iba't-ibang panig ng lalawigan sa malapit na hinaharap kaalinsabay ng regular na programang ipinatutupad ng OPAg. **(HB ABORDO)**

# CNorte isa sa 6 ...

*(Mula sa pahina 3)*

pad dito sa hangaring madagdagan/mapataas ang kita ng mga magsasaka at mangingisda. Ang kanilang produksyon ay pataataasin sa pamamagitan ng tinatawag na *landscape approach* ó pangkalahatang kaunlaran sa pamamagitan ng implementasyon ng iba't-ibang programa at proyekto sa *upland, lowland* at *coastal areas* man. Kaugnay nito, ipinalabas kamakailan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang Kaatasang Tagapagpaganap Blg. 2010-02 na siyang bumuo sa *Provincial Project Steering Committee (PPSC)* at sa *Project Technical Working Group (PTWG)* ng *FPAVAS*. Pamumunuan ng gobernador ang *PPSC* bilang *chairman* katulong ang mga *vice chairpersons* na sina Ms. Pajares at *Arch.* Madonna A. Abular, *PPD Coordinator* ng *Provincial Planning and Devt. Office (PPDO)*. Ito ay upang matiyak ang maayos at sistematikong implementasyon ng proyekto.

Itinalaga namang *chairman* ng *PTWG* si Ms. Pajares na siya ring *provincial focal person* at *senior technical staff for Lowland Development.* Ang mga *senior technical staff* ng *PTWG* na mula sa *OPAg* ay sina Manuel del Rosario para sa *upland development;* Edgar Estanislao para sa *fisheries development*, at si Thelma Q. Bardon ng *PPDO* para sa *climate change adaptation.*

Kaugnay pa rin sa implementasyon dito ng *FPAVAS*, bilang kinatawan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte, si Gob. Typoco, Jr. ay nakatakdang pumasok at lumagda sa isang kasunduan o *memorandum of agreement (MOA)* sa *SEAMEO-SEARCA* na kinakatawan ng direktor nito na si Dr. Saguiguit, Jr.. Ito ay susog sa Sangguniang Panlalawigan (SP) Resolusyon Blg. 016-2010 na nagbibigay-kapangyarihan sa gobernador na lumagda sa naturang kasunduan na makatutulong sa mga mamamayan ng Camarines Norte partikular na sa mga magsasaka, mangingisda at *indigenous peoples (IPs)* sa Labo at Mercedes na benepisaryo ng *FPAVAS project.* ***LT IBASCO***

# Palarong Bicol 2010 gaganapin dito



Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

Ang pormal na pagbubukas ng Palarong Bicol 2010 sa Linggo, Enero 31, 2010 sa *Eco-Athletic Field*, Daet, Camarines Norte ay sisimulan sa isang parada sa ganap na ika-1:00 ng hapon na lalahukan ng mga atleta, *coaches, trainor, officiating officials*, at matataas na opisyal ng *Department of Education (DepEd)*.

Sa *opening program* nito, ang pagtataas ng Pambansang Watawat ay pangungunahan nina Gob. Jesus O. Typoco, Jr., Cong. Liwayway Vinzons-Chato at *OIC Schools Division Superintendent* Arnulfo M. Balane. Susundan naman ito ng pagbibigay ng *Words of Welcome* nina Cong. Chato, Gob. Typoco at Daet *Mayor* Tito S.Sarion.

Nakatakdang magbigay ng mensahe sa okasyong si Secretary Jesli A. Lapuz ng DepEd na bibigyang-diin ang tema ng Palarong Bicol 2010 na, *"Sports: An Avenue for a Productive and Morally Upright Youth"*.

Pangungunahan nina Catanduanes *Governor* Joseph S. Cua at Catanduanes *Schools Division Supt.* Artemio Q. Rivera ang paglilipat ng *Regional Flag* mula sa Catanduanes patungo sa Camarines Norte. Bilang *host province* ngayong taon, ito ay tatanggapin ng Camarines Norte sa pangunguna nina Gob. Typoco, *OIC SDS* Balane at OIC *Asst. SDS* Alice T. Angeles na magkakatulong ding itataas ang *host flag* kasama si Mr. Conrado A. Rempillo, *EPS in charge of PESS.*

Ang *regional flag* naman ay itataas nina *DepEd Regional Director* Celedonio L. Layon, Jr. at *DepEd Asst. Regional Director* Orfelina O. Tuy. Ang pagtataas ng *delegation flags* ay pangungunahan ng mga kaukulang gobernador, punong bayan, *schools division superintendents* at *asst. schools division superintendents* katuwang ang mga kinauukulang *Division PESS Coordinators.*

Samantala, ang pagsisindi ng *friendship flame* ay pangungunahan ng mga Palarong Pambansa *Gold Medalists* na sina Kaziel Lizette Panol, Maryrose Dumalasa, Rejan Dumagat, Ace Cabanela, Ma. Kriselle Ramirez at Jansell May Candelaria. Ang *pledge of officiating officials* at *oath of amateurism* ay pangangasiwaan ni Silvano Ilao, *officiating official* ng *Southeast Asian (SEA) Games*, at; Kaziel Lizette Panol ng Camarines Norte, ayon sa pagkakasunod.

Matapos ito, magbibigay ng pananalita si *DepEd Regional Director* Layon na siya ring magdedeklara ng pormal na pagbubukas ng Palarong Bicol 2010.

Isasagawa rin dito ang pagpapalipad ng mga lobo gayundin ang *fireworks display* para mas maging masigla ang okasyon. Magkakaroon din ng *field demonstration* ang Camarines Norte sa pangunguna ni Mrs. Bernadette S. Benavidez, *CN Cultural Coordinator*. Ang daloy ng programa ay pangangasiwaan naman nina Mr. Darcy Maebo at Ms. Anita Recodo.

Kaugnay ng nakatakdang Palarong Bicol 2010 dito, inatasan na ni Gob. Typoco ang mga kinauukulang opisyal at tanggapan na magsagawa ng mga plano at paghahanda para matiyak na magiging maayos at sistematiko ang daloy ng iba't-ibang paligsahan lalo na ang pagtiyak na ang mga imprastraktura at lugar na pagdarausan ng mga palaro ay ligtas sa anumang problema at/o anumang posibleng aksidente. ***LT IBASCO***

# Mga piling larawan



















*1) Ang courtesy call ng mga UP Los Baños Professors sa tanggapan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. kaugnay ng partnering scheme sa pamahalaang panlalawigan ukol sa research, development and extension programs sa Bikol Region kasama si OIC PA Helen B. Abordo; 2) Pinasusumpa ni Gob. Typoco, Jr. ang dalawang bagong Director ng Camarines Norte Electric Cooperative (CANORECO) na sina Engr. Romeo Bacolor at Romeo Asis na sinaksihan naman ni Manager Engr. Lorenzo Canlas, Jr., SP Member Mike Canlas, Dir. Alex Bardon at Dir. Arnilo Barrameda; 3) at 4) Ang turn-over ng PHILHEALTH Cards na kinuha ng pamahalaang panlalawigan para sa mga mahihirap na mamamayan dito na isinagawa sa tanggapan ni Gob. Typoco, Jr. na iniabot mismo ng PHILHEALTH President at CEO Rey B. Aquino kay SP Member Ruth Herrera at Atty Jose T. Atienza - Provincial legal Officer at ang Administrative Officer III ng CN service Office na si Rosabella Obusan; 5) Ang pagbisita ni dating Justice Secretary Silvestre Bello III dito sa lalawigan at ang 6) pagbibigay ng mensahe ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa naturang okasyon.*

# Pineapple Industry Report 2009



Ms. Clarissa Zantua
Prov'l HVCC

Ang Lalawigan ng Camarines Norte ay napabantog sa iba't-ibang panig ng bansa dahil ito ang pangunahing pinagkukunan ng Pinyang *Formosa* o *Queen Variety* - ang kinikilalang pinakamatamis na uri ng pinya sa bansa. Matatandaan din na noong taong 2006, nailuwas ito sa mga bansang tulad ng Japan, China, Taiwan, Hongkong at Korea kung saan ito ay mayroon nang regular na merkado.

Sa layuning maipagpatuloy ang pag-unlad ng industriya ng pinya, maraming programa at proyekto ang ipinatupad ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)*.

Base sa ulat ng *OPAg-Crops Division* para sa taong 2009, umabot sa P636,825.00 ang naipautang nito sa may 67 *pineapple growers* mula sa mga bayan ng Basud, Labo, San Lorenzo Ruiz at San Vicente. Ginamit ito sa humigit-kumulang 65 ektaryang taniman ng pinya na ang produksyon ay tinatayang umabot sa 1,710,000 metriko tonelada.

Isinagawa rin ng *OPAg* ang may 18 miting, dayalogo, at *leadership and capability building trainings* kasama na ang *pineapple board meetings* na layuning mataya ang kalagayan at antas ng pag-unlad ng industriya ng pinya.

Isinailalim din nila sa *pineapple production training/technical briefing* ang may 332 na mga magsasaka sa lalawigan para lumawak ang kanilang kaalaman at mapaunlad ang kanilang kasanayan.

Matatandaan din na ang *OPAg Crops Division* ay nagsagawa rin ng ilang serye ng *consultations* at *workshops* kaugnay sa pagbuo ng *6-year pineapple development plan* katulong ang mga sangay rito ng *Department of Trade and Industry (DTI), Department of Science and Technology (DOST)*, akademya, at iba pang kaukulang ahensya at tanggapan. Ang naturang plano ay mahalaga upang matiyak na kumprehensibong masasagawa ang mga plano at istratehiya para mapaunlad ang industriya ng pinya sa lalawigan.

Bilang karagdagan, minamantine rin ng *OPAg* ang 1-ektaryang *techno-demo farm* para sa *pineapple production* sa Brgy. Matnog, Basud gamit ang teknolohiya na *Good Agricultural Practices (GAP)*. Umabot din sa 364 bags ng *organic fertilizer* ang libreng ipinamahagi ng *OPAg* sa may 26 *pineapple vegetable growers associations* na ang pondo ay nanggaling sa *Department of Agriculture Regional Field Unit V (DA RFU V)*. ***LT IBASCO***

## BACNA at BASM ...

***(Mula sa pahina 5)***

Samantala, ang *BASM Team* naman ay pangungunahan ng mga doktor na sina: Dr. Giuseppe Ciaravino, *BASM treasurer*; Dr. Raul Cruz; Dr. Lindsey Cafferatti; Dr. Nancy Sokkary; Dr. Nathan Boyd; Dr. Leonard Patron, *head of anesthesia*; Dr. Raul Achacoso, *head of general surgery*; Dr. Nelia Ritual, at; Dr. Susie Choe. Makakatulong nila sa *SM 2010* si John Hatch, *CRNA Head of Nurse Anesthesia* kasama ang mga *CRNAs* na sina Mary Bagalso, Geraldine Doronio, Malina Maneevone, at Darlene Fields; gayundin ang mga *registered nurses* na sina Josephine Ann Medina, Erna Auro, Malou Tinsay, Rosanna Bernardo, Michael Cafferatti, Remy Wong, Amy Lee Lucia, Annabelle Cordova Asada, at; Jenny Ortiz; at si Miland Lugtu, *ORT*. Ang *support group* naman ng *BASM* ay binubuo nina Jodie Lynn, Nicole Erna Moralde, Cristina Watson, Carmelita Peña, Nene Abrera, Marilyn Villegas, Epigenia Natano, Arcadia Pascual at Chingky Natano Deveza. ***LT IBASCO***

# Industry and Investment Development Program



***Dir. Ernesto Pardo***
***DTI Prov'l Director***

Naaprobahan na kamakailan ang *Industry and Investment Development Program (IIDP)* na pinunduhan sa ilalim *ng 20% Development Fund CY 2010*. Kabilang ito sa mga programang patuloy na isinusulong ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pamamagitan ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* at sa pakikipagtulungan sa *Department of Trade and Industry Provincial Office (DTI PO)* at ng *Camarines Norte Investment Incentive Board (CNIIB)*.

Ang pangunahing layunin ng proyekto ay epektibong mapakilos/magamit ang *Camarines Norte Investment Promotion Center (CNIPC)* para tuluytuloy na mapalaganap at mapaunlad ang mga pangunahing industriya sa lalawigan.

Matatandaan na simula ng magkasamang pamahalaan ng *CNIPC at CNIIB*, mas naging organisado, tugma at maayos na naipatupad ang mga proyekto at gawain patungkol sa pagpapaunlad sa sektor ng industriya at pamumuhunan sa lalawigan.

Sa pamamagitan ng *IIDP*, ang mga mamumumuhunan *(investors)* ay tutulungan sa pamamagitan ng: pagbibigay ng pondo para sa kanilang *market promotion* at *development activities*; pagkakaloob ng tulong-teknikal sa porma ng *business counseling*; paglahok nila sa mga lokal at pambansang *investment promotion events* at *exhibits*. Maglalaan din ito ng pondo para sa pagkuha ng mangangasiwa sa *CNIPC* pati na ang pambili ng mga kinakailangang *equipment* at *office supplies* ng *CNIPC*. Ang pangkalahatang layunin ng *IIDP* ay makakalap ng mas maraming puhunan at trabaho para sa mga residente ng Camarines Norte.

Sa ilalim ng *IIDP*, ang mga pamahalaang bayan dito ay pagkakalooban din ng tulong-teknikal para sa pagbuo o/at pag-*update* ng kanikanilang kaukulang *Local Investment Incentive Code (LIIC)*.



***Arch. Madonna Abular***
***PPD Coordinator***

Kaugnay nito, isa sa mga aktibidad na isasagawa nito simula Enero-Disyembre 2010 ay ang *investment promotion strategies/image building activities* na kapapalooban ng preparasyon ng *investment promotion collaterals* tulad ng *brochure/kit/invitations*. Magsasagawa rin dito ng *investment generation activities* at *investor servicing* gaya ng *trade fairs/exhibits* at *local study mission/outbound mission*. ***LT IBASCO***

# List of Vacant Positions, Provl. Govt. of Camarines Norte

| Position Title | Item No. | Salary Grade | Date Vacated | Level | Place of Assignment | Education | Experience | Qualification /Requirement | | Other Requirements |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | Training | Eligibility | |
| Nurse 1 | 4151/42 24 | 10 | | 2 | PGCN | Bachelor of Science in Nursing | None required | None required | RA 1080 | |
| Nursing Attendant | 4045 | 4 | | 1 | PGCN | Elementary School Graduate | None required | None required | None required | |
| Records Officer 1 | 6003 | 10 | | 2 | PGCN | Bachelor's Degree | None required | None required | CS Professional Second Level Elig. | |
| 2 Utilty Worker II (casual) | | 3 | | 1 | PGCN | Must be able to read and write | None required | None required | None required | |
| 1 Utility Worker I (casual) | | 1 | | 1 | PGCN | Must be able to read and write | None required | None required | None required (MC 11 s. 96 – Cat. 111 | |
| 3 Clerk 1 (Casual) | | 3 | | 1 | PGCN | Completion of 2 year studies in college | None required | None required | CS Subprofessional First Level Eligibility | |
| 1 Driver I (Casual) | | 3 | | 1 | PGCN | Elem. School Graduate | None required | None required | Driver License (MC 11 s. 96-Cat. 11 | |

***SGD) EDILBERTO C. BARAQUIEL, HRMO IV***

# Basud at San Vicente nanguna...

(Mula sa pahina 1)
yong P25,000.00 at kaukulang plake ng pagkilala sa *awarding ceremonies* na gaganapin sa malapit na hinaharap. Ang ikalawa at ikatlong puwesto ay naiuwi ng mga bayan ng Paracale at Capalonga na tatanggap ng kaukulang plake, at tig-15,000.00 at P10,000.00 gantimpalang salapi, ayon sa pagkakasunod.

Nanguna naman ang bayan ng San Vicente sa ilalim ng *Category B (4th to 6th class municipalities)* kung saan napanalunan nito ang premyong P25,000.00 gayundin ang kaukulang plake ng pagkilala.

Samantala, ang pagpili sa mga nanalo ay pinangasiwaan ng *Provincial Search Committee (PSC) for 2009 Search for the Cleanest and Greenest LGUs of the Province of Camarines Norte* na binuo sa bisa ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2009-11 na ipinalabas ni ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

Ang naturang komitiba ay pinamumunuan nina *DILG Provl. Director* Robin Mercado bilang *coordinator* at *chairman; Lion's Club of Daet - co -chairman; PENRO-DENR – vice chairman*, at; *NGO representative (Kiwanis Club of Daet) - co-vice-chairman*. Ang mga miyembro nito ay sina *Philippine Information Agency Provincial Head* Rosalita B. Manlangit; Ms. Milave L. Schneider, *PHO representative*, at Mr. Ramon Avila, *DepEd representative*.

Ang ginamit na pamantayan ng *PSC* sa pagpili sa pinakamalinis at pinakaluntiang bayan sa lalawigan ay ang: 1) *physical conidition of built-in areas*, at; 2) *support systems* na may bigat na 70% at 30%, ayon sa pagkakasunod. Ang unang pamantayan ay nahahati sa: *general cleanliness* - 50% (*absence of eyesores – 5%, well-maintained facilities – 20%, at presence of healthful and environment-friendly practices - 25%*), at; *urban space greening – 20% o kabuuang 70%*.

Isinagawa ng *PSC* ang ebalwasyon tulong ng *secretariat, documentation* at *support staff* nito na kinabibilangan nina Ms. Melody E. Relucio, *DILG Asst. Provincial Director* at *Technical Services Division (TSD) Chief*; *Community Affairs Officer IV* Purita P. Briñas, at Luigi Martin P. Querubin ng *Community Affairs Office-Office of the Governor (CAO-G.O.)*; at; Camilo B. Monasterial at Gerome M. Ibis mula pa rin sa *DILG Provincial Office*. ***LT IBASCO***

## PHRS Training ...

(Mula sa pahina 4)
R. dela Cruz ng *Provincial Social Welfare and Development Office*.

Inaasahan na sa pamamagitan nito, ang mga pangunahing *stakeholders* sa probinsya at mga munisipyo ay mas magiging sensitibo sa pangangailangan ng mga biktima sa pagbibigay-proteksyon ng mga kinauukulang ahensya at komunidad man; mas handa sa pagtugon sa iba't-ibang sitwasyon na may kinalaman sa *human trafficking*, at; mas mapapalakas ang *child protection network nito*. **LT IBASCO**

# Brgy. Mantagbac tinanghal ...

(Mula sa pahina 10)
*taurant*, Daet.

Kaugnay nito, ang Brgy. Mantagbac ay *hall of famer* na dahil sa tatlong magkakasunod na taon nitong pagkapanalo ng unang puwesto sa nasabing taunang patimpalak. Dahil dito, hindi na ito puwedeng sumali sa susunod na patimpalak ngunit maaari pa ring magpa-*evaluate* at tumanggap ng insentibo.

Samantala, naiuwi ng Brgy. Kalamunding, Labo ang ikalawang puwesto at premyong P40,000.00. Pumangatlo naman ang Poblacion III, Vinzons na tinanggap ang gantimpalang P30,000.00. Nakuha ng Brgy. Capacuan, Paracale at Brgy. San Ramon, San Lorenzo Ruiz ang ika-apat at ikalimang puwesto, at gantimpalang P20,000.00 at P10,000.00; ayon sa pagkakasunod. Ang Brgy. Capalonga naman ay tumanggap ng ECCD package bilang *consolation prize*.

Maliban sa nabanggit na mga papremyo, pinagkalooban din ng kaukulang tulong-pinansyal ang ilang *disparity barangays* na sakop ng *Sixth Country Programme for Children (CPC 6)* na malubhang napinsala ng bagyong 'Santi' noong isang taon. Maagap din silang nakapagsumite ng '*damage report*' at nakapasa sa pamantayang itinakda.

Tumanggap dito ng tsekeng tig-P10,000.00 ang mga Barangay ng Osmeña at San Rafael sa bayan ng Jose Panganiban; at ang Brgy. San Lorenzo, Sta. Elena. Ang Barangay Bagumbayan at Palanas ng bayan ng Paracale ay pinagkalooban ng tsekeng tig-P15,000.00; at tig-P20,000.00 naman para sa Brgy. Parang, Jose Panganiban, at Brgy. Batobalani, Paracale. Ang naturang halaga ay nanggaling sa *CPC 6 Provincial Counterpart Fund-Assistance to Disparity Barangays*.

Samantala, ang paggawad ng mga parangal, papremyo at tulong-pinansyal ay pinangunahan nina *SP Ex-Officio Member* William Carlo Avila, Liga ng mga Barangay (LNB) *Provincial President* katuwang sina *SP Member* Teresita DL. Malubay, *chairperson, Committee on Women and Family.*; at iba pang opisyal ng Pamahalaang Panlalawigan.

Matatandaan na ang pagpili ng mga nanalo ay pinangasiwaan ng *Provincial Search Committee (PSC)* na kinabibilangan nina Dr. Victoria Guanio, Mercedes M. Juan, Ma-rino Abogado, at Julita Palad ng Provincial Health Office (PHO); Lorena T. Ibasco, Community Affairs Office-Office of the Governor (CAO-G.O).; Rosalita B. Manlangit, Philippine Information Agency (PIA)-Camarines Norte, at; Irene J. Olivar ng Office of the Provincial Agriculturist.

Ang ebalwasyon ay nahati sa dalawang pangunahing bahagi: ang *document evaluation* na may *40% weighted score (WS)* at *field validation*, 60% WS o kabuuang 100%.

Ang mga isinumiteng dokumento ng mga kalahok na Barangay ay pinag-aralan ng komitiba. Nagsagawa rin ng *field validation* ang *PSC* kung saan binisita nila ang ilang proyektong makabata at ininterbyu ang mga kaukulang opisyal ng mga nabanggit na barangay kaugnay sa kanilang mga proyektong makabata.

Ang ginamit na pamantayan ng *PSC* sa ebalwasyon ay ang implementasyon ng mga programang maka-bata na may sumusunod na *percentage weight*: *child health*-18%; *maternal health*-21%; *education*-24%, *child protection*-6%; *child participation*-3%; *family practices*-8%; *institution building*-15%; *knowledge and capability of barangay officials on child-friendly movement (CFM)*-5% o kabuuang 100%.



Ang iba pang mga barangay na nagwagi sa isinigawang awarding ng 2009 Search for Most Child Friendly Barangay. Ito ay ang Barangay Capacuan, Paracale (4th), Brgy. San Ramon, San Lorenzo Ruiz (5th), at Barangay Poblacion, Capalonga (6th). Kasama sa larawan sina SP Members Joeffrey B. Pandi, Tess Malubay at ABC Prov'l Federation President William Carlo M. Avila.



PB Joselito Perpetua
Brgy. Mantagbac, Daet

Nakuha muli ng Brgy. Mantagbac ng bayan ng Daet ang unang puwesto sa katatapos na *Search for the Most Child-Friendly Barangay*.

Ang pagtanggap ng P60,000.00 gantimpalang salapi at *plaque of commendation* ay pinangunahan nina PB Joselito Perpetua, Ms. Estela E. Dames, *MGOO* Daet; Arch. Emily Palomiano, *MPDC* Daet, kasama ang iba pang opisyal ng nasabing barangay. Ito ay sa okasyon ng *awarding ceremonies* na isinagawa kamakailan sa *3rd Floor Golden Palace Res-*

(Sundan sa pahina 9)

BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN
TAON 9, BLG. 7 DAET, CAMARINES NORTE ENERO, 2009
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C.Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com

# Brgy. Mantagbac nanalong Most Child-Friendly Barangay

## *tinanghal ding 'hall of famer' dahil sa tatlong taong sunud-sunod na pagkapanalo*




***Tinatanggap ng pamunuan ng Barangay IV, Daet sa pamumuno ni PB Joselito Perpetua ang dummy check na P60,000.00 bilang gantimpala sa pangunguna sa Search for Most Child-Friendly Barangay 2009. Kasama sa larawan sina SP Members Joeffrey Pandi, Tess Malubay at PB Bong Avila; ang pamunuan naman ng Barangay Kalamunding Labo na tumanggap ng P40,000.00 na nakuha naman ang ikalawang pwesto at ang Barangay III, Vinzons na tumanggap ng P30,000.00 bilang pangatlong pwesto rito.***







# PHRS Training Workshop isinagawa rito



Purita P. Briñas
CAO IV

Ang 1-araw na *Training Workshop on the Philippine Human Rights Standards (PHRS) Guidelines in the Protection of Trafficked Children* ay isinagawa noong Enero 22, 2010 sa Audio-Visual Room *(AVR), 3rd floor, Provincial Capitol*, Daet, Camarines Norte. Dinaluhan ito ng mga ahensyang pampamahalaan, pinuno ng mga pamahalaang lokal at iba pang *key stakeholders*.

Ito ay itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pamamagitan ng *Community Affairs Office (CAO)* sa pakikipagtulungan ng *Philippines Against Child Trafficking (PACT)*.

Kabilang sa mga layunin nito ang maipaabot at maiangat ang antas ng kamalayan ng mga katuwang na ahensya at tanggapan patungkol sa mga isyu ng *child trafficking* para mapatatag at mas aktibong kumilos ang *child protection system* sa komunidad—sa *provincial* at *municipal levels* man.

Layunin din nito na maging sensitibo ang mga *child duty bearers* at *local government stakeholders* ukol sa *child trafficking* at sa pangangailangang makapagbigay proteksyon sa ko-

(Sundan sa pahina 4)